Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)
[April 16, 2020]

Mga kapatid kong Pilipino. Nandito na naman ako sa harap ninyo. Ako 'yung may reklamo, hindi ngayon kayo sa akin kung ako ang magreklamo sa inyo.

Una, itong quarantine natin enhanced o ano, it's really intended to protect the other guy. Kung ayaw mo na maprotektahan ka, then the reason behind kung bakit ka pinipigilan is para sa kapwa tao mo. In the sense na kung ayaw talaga ninyong maniwala, nagmamatigas ang ulo ninyo at kulang 'yung disiplina, aba eh talagang hindi ito mahihinto kasi every time magdidikit kayo… Eh nakita ko nagsasabong kayo, may painom pa.

You know I'm calling on the local government units to kindly just follow the direction or guidelines. Hindi nga naman ako namimilit. Hindi nga ito martial law eh. And even during martial law, you do not put people in prison. Walang rason ang martial law kasi wala namang virus diyan, wala namang bacteria, wala namang --- o whatsoever. Hindi nga naman ito martial law pero parang martial law na rin in the sense that I have to impose something on you for your own good and for the good of the country and people.

Sa akin you know 'pag ayaw mong sumunod --- og ako lang ang --- if you ask me? Sige, bahala kayo. Aba pagdating ng panahon huwag kang pumunta sa akin magpa-ospital ka tapos ako pa ang pagastusin mo. Eh ginusto mo 'yan eh.

Ngayon alam ko na sabik na sabik na kayo. Para kayong taga-Bilibid, lahat tayo pati ako. Hindi na nga ako makauwi sa Davao birthday ng apo ko, birthday ng --- 'yung partner ko, birthday ng anak ko, hindi ako makauwi. Bakit? Hindi ako pinapayagan ng mayor doon na makapunta. Walang eroplano na may pasahero maka-landing sa Davao City. Ipinagbabawal ng mayor doon.

Eh kung sang-ayon ba 'yan sa instruction ko o 'yung rights of the people to travel, eh malaking debate na 'yan eh. At saka ayaw kong makipag --- you know, quarrel with anybody especially the mayor of Davao City na anak ko eh lum --- hindi naman magpatalo 'yan. Magsisigawan lang kami mag --- magmukhang g*** kami sa publiko.

So sundin lang natin. Ako mismo gusto kong umuwi birthday ng anak ko, birthday ng apo ko, birthday ng partner ko, hindi nga ako makasakay ng eroplano kasi hindi ka palan --- you are not allowed to land. That's the problem.

So kung pilitin mo baka puntahan ka doon at --- you know the mayor. She's… Baka doon mismo bulyawan kaming lahat. Eh 'di wala tayong magawa diyan kasi 'yon ang patakaran niya to protect the people of Davao City.

Wala hong may gusto. Ako mismo naiinip na. Nag --- nagmumura na ako. Every time I wake up, kakain ako breakfast, nagdadaldal na ako sa --- ito, ito 'yung ano bang klaseng buhay ang inabot natin dito sa mundong ito ngayon.

You know as far as I can remember, walang --- walang ganitong nangyari 'yung epidemic. Epidemic is a --- kung sa Pilipinas lang. Pandemic is 'yung buong mundo. Tayo ang nakatikim ng pandemic. And ang sakit nito mahirap awayin. Hindi mo makikita at basta na lang 'yung transmission.

Sabi ko nga I do not believe na 'yung sabi two days after the warning nag-lockdown ako. I believe that even during the previous months meron na 'yan at nakapasok na dito. Hindi lang alam ng mga tao. So 'yung hindi nakapag-ospital mahirap and that is a very terrible 'yang --- the irony of it all 'yung namamatay sa bahay at sinabi lang may lagnat, hindi naman nakapageksamin sa doktor. And for all you know, nandiyan na 'yan.

Iyang COVID na 'yan could not travel more than two days or… Nandito na 'yan, dala-dala na 'yan ng ating mga bisita. Ayaw ko naman magdada ngayon eh hindi naman nila gusto. Sino bang may gusto na patayin ang kapwa tao mo pati 'yung mga nasa bayan mo? Walang may gusto nang ganun.

Ako, ayaw ko. Kung nakikita --- kaunting panahon na lang. Sinasabi ko sa inyo 'yan nagbabasa ako at nakikinig ako lahat ng istasyon: BBC, kung ano na lang, at 'yung mga briefer. Meron na hong mga hindi bakuna. Kasi 'yung bakuna galing talaga sa loob ng tao kukunin tapos i-culture.

Ito ang ano nila parang killer. Inumin mo, hindi naman galing sa katawan mo --- it's a chemical I supposed. Tapos papatayin 'yung… Problema nito pati 'yung ibang cells papatayin rin niya. That could be a problem.

But the experiments are getting into a high gear baka makakita tayo ng lunas in a few days. Once there is the --- 'yung maperfect nila and they are ready to market the medicine, I will lift immediately --- not a single --- not even a single moment of delay. Tatanggalin ko 'yan kasi kasing --- inip na talaga rin ako.

Now itong mga local government units, I'd like the DILG to investigate sinong nagpasabong pati 'yung nag-iinuman. Alam mo sa totoo lang 'yung kayong nagsasabong pati nag-inuman, ibig sabihin may pera kayo. Kaya ko pinapa --- ipapano kung saan eh.

Do not expect any help from me. Sabihin ko talaga: you know wala, sorry na lang. May pera pala kayo pangsabong, may pera pala kayo pang-inom eh 'di ibigay ko na lang…

There's not enough to go around. Hindi talaga magkasya. We are getting low sa supply ng pagkain na. Ilang araw na 'yan buong Pilipinas pinapakain mo, 18 million families. Sa isang pamilya ilagay mo na lang apat, lima. Eh ilang bunganga 'yan.

Iyong counting natin na pamilya, in a family, magtanong tayo ilan sila. Kaya 'yung assistance ibinibigay ng gobyerno eh dapat talaga gamitin ninyo sa wastong paraan.

Now for those people who are identified by the barangay captains and the mayors who are violating the quarantine, pasensiya ho kayo. Help would not… Eh kung ganun may pera pala eh.

So kulang na kulang nga, ibigay ko na lang talaga sa ‘yung nangangailangan at wala nang mapuntahan. The thing is you must not reduce the population into something like they are hopeless. And…

Alam mo itong mga nagbabatikos naman, there will always be a time for everything and I hope that the next time kapag magsabi ako, maniwala kayo. Kasi po ako sabi walang politika hindi na po ako makatakbo. First and last ko ‘to. And then I…

But for the sake of the country, I will identify ‘yung mga Pilipino na walang ginawa kung hindi magbatikos, maghanap ng mali para lang may masabi at marinig sila ng mga tao.

Iyan ang iwasan ninyo. Iyan ‘yung naglalaro ng politika. At for so many years, ilang taon na sila nandiyan, puro posturing, porma. Pa-porma, pa-chuy, pa-pretty boy. Marami ‘yan.

So may mga babae riyan na yakyak nang yakyak, wala namang ginagawa. Sa panahon nila, puro corruption. Eh… At nagmamakalinis.

Huwag ho kayong makinig diyan. Dito kayo makinig sa gobyerno tutal ako ang nagdadala. I’m telling you we are doing everything honestly. Hindi kami humahawak ng pera.

Maraming mga milyonaryo nagpunta, nagsabi magbigay ng tulong ipapadaan sa --- alam mo na. Siyempre para malaman ng Presidente talagang nagbigay sila.

Sabi ko, hindi ako nagtatanggap ng pera. Idiretso ninyo ‘yan doon sa ospital. Do not…

I’d like to --- this is also and maybe for the information of everybody. Do not come to me bringing money. I do not accept. Ayaw kong humawak ng pera kasi ayaw kong magkwenta.

‘Pag siningil ka balang araw, “Saan ‘yung…” Ayaw ko ng --- ayaw ko ng ganun. Gusto ko wala para pagdating ng panahon, sabihin ko, “Ano? Anong kiya-kiya mo diyan? Ano bang hinawakan ko?”

Kagaya nitong mga komunista, mga left. Intelligence fund. Intelligence fund? Hangin ‘yan. Kokolektahin ‘yan. Tapos pagdating ngayon, itong budget na ito, ‘yon ang guide natin paano gastusin sa nakolekta natin.

Pero wala tayong pondo na paghati-hatian natin ‘yan. Iyong savings iba ‘yon. Iyon ang ginagamit ko rin. ‘Pag maubos ‘yan, then we start to borrow. ‘Pag wala ng --- naubos na ‘yung pautang, then we sell the assets of the government.

I hope that this dilemma that we are facing now will end soon. Lahat naman tayo nagdadasal eh. Ako, I seldom pray. Believe me. Bihira ako na medyo --- hindi naman nakaluhod, nakaupo ---

nakaupo lang sa kama tapos calling the Almighty God to have mercy on his people for all mankind.

Kasi ipit tayo. Kung wala na tayo ibang ma --- nasa kanto ka na eh. Wala ka ng ibang matawagan. Hindi mo matawagan kung ano. Mga eksperto hanggang ngayon nabubungol na kung paano nila gawin ang vaccine.

But sabi ng --- ang bakuna is about 2021, ang bakuna. Pero 'yung ibang medisina, 'yung mga killer antibodies, nandiyan na ata. Pero 'yung bakuna which should give us a permanent immunity sa sakit na 'yan, wala pa. So itong killer baka pagkatapos --- you are not careful babalik rin.

Now ngayon, bakit ayaw mo lang maski piecemeal? Sabi kasi ng mga experts, hindi naman ako expert, hindi ako aboga --- hindi ako doktor, abogado ko.

So nakikinig lang ako sa mga doktor, lalo 'yang mga doktor na bright na may sinasabi sila na if you lift the quarantine hastily, baka ang --- sabi ko nga 'yung first, second, and third wave.

Hindi ko nga alam kung nasaan tayo. Nandito ba tayo sa seco --- sa first o second? Kung nakinig kayo sa akin the last time, maintindihan ninyo 'yung salita ko.

Iyong hindi nakinig, wala naman ako magawa. Hindi ko na balik-balikin diyan.

Pumapayag naman ho tayo sa makalabas kayo, makabili ng pagkain to survive. But kung sabihin talaga ninyo na gutom na walang pagkain, hintayin lang ninyo. Paalamin lang ninyo ang barangay captain. And I'm sure that we would have the food that needed to be on the table.

Kaya ito ngayon ang sitwasyon. I'm just asking for your disiplina kaunti. Kasi 'pag ayaw ninyo, ayaw ninyong maniwala, mag-take over ang military pati pulis. I am ordering them now to be ready.

Ang pulis pati military ang mag-enforce sa distance social --- distance at 'yang curfew. Sila na. Parang martial law na rin. Mamili kayo. Ayaw ko pero pagka naipit na 'yung bayan at walang disiplina kayo...

Hindi na bale sana kung hindi kayo maniwala sa akin, wala man akong paki. Hindi man tayo kaibigan, hindi tayo kapartido. Kung ayaw ninyo sa akin, 'di okay lang. Pero ngayon, anumang partido mo o anumang kulay mo, sumunod ka kasi 'pag hindi, ang kaharap mo sunod ang militar na pati pulis. Iyan ang ano ko.

Ngayon, kailan? Kailan talaga…? Estimate mo, bigyan mo kami. Baka next week. Every day they are at it ika nga. Nandiyan sila nakatutok. Habulan sila ngayon.

Pero alam ko even before the vaccine which --- 'yung isang malaking, Johnson & Johnson, sabi nila that they're --- almost a mile away, 2021. Iyong iba naman nagsabi that kung matsambahan nila, baka matsambahan nila, may medical studies na sila, clinical studies.

Kung ‘yung binigyan nila ng 50 --- 50 persons lumusot lahat na may COVID, baka swertehin tayo. Swerte ‘yan ng kompanya, swerte ng tao sa mundo.

Ngayon, ang ating total, nakita mo ang ating total, it’s 5,660. Ano na lang kaya kung hindi tayo nag-lockdown? Dikit-dikit kayo sa MRT nakatindig, naka --- magtabi, mag-ubo. Ano na lang kaya ‘yung sa mall? Ano na lang kaya ang mangyari kung ‘yun sa palengke? May mga palengke dito okay lang, survival ‘to pati kakain.

So people have --- will have to go to the palengke to buy food. Isa-isa na lang. Magsakripisyo ka ng isa. Huwag naman kayo lahat lumabas. Magsakrapisyo ka lang ng isang tao sa pamilya ninyo. It could be your husband, it could be...

Pero ‘yan lang. Pagka nagkasakit, at least isa lang. Kaysa magsabay kayo lahat. Maski doon sa bahay, huwag kayong --- lalo na kung may ubo.

I-isolate mo na siya. Kung isa lang ‘yung kwarto ninyo, di doon siya sa kanto. Maglagay kayo ng kumot diyan, ilatag mo diyan sa lugar niya para at least ‘yung ubo niya. Madali naman ‘yan.

‘Yung ubo --- ang panyo lagyan mo lang alcohol, doon mo ibuga. Okay na siguro 'yan. Iyong wala ng iba na kwarto ninyo, magbili lang ng alcohol, mura. At least you can afford it.

Sabi ko nga kung ano lang, kamay-kamay lang walang problema ‘yan. Maglagay ka lang ng drum diyan, puno ng gasolina, ilagay mo lang ‘yang kamay mo diyan, patay na ‘yang…

But these are things which we --- we think that we’ll have to resort --- in extremis, ika nga, ‘yung wala na.

Ngayon ang maganda nito kasi 5,660 cases. Ang 435 naka-recover, ang 362 patay. ‘Yan lang sa Pilipinas. Ewan ko sa probinsya. I do not have the… Maybe this is the… ‘Yung data dito is all over the Philippines.

Kaya hindi ko masisi ‘yung anak ko na pati ako. Akala ko nagbibiro eh. Noong una sabi ko, “uuwi ako”. Tapos sabi --- tumawag kay Bong sabi niya, “Sabihin mo kay Mayor hindi ko siya papayagan mag-landing.”

Siyempre kung puntahan mo ‘yung tower tapos sabihan niya, “Huwag mong pa-landingin (landing) ‘yan.” Wala tayong magawa. ‘Yung tower hindi magbigay ng go signal for you to land.

So ulitin ko ‘yung nahuli. ‘Yung nahuli na pinaglalaruan ninyo ‘yung pera ng gobyerno intended to help you. It’s not the --- na lahat kayo kinokondena ko. Probably there are about 80 percent na ano. Pero ‘yung 20 percent, mga t******** talaga.

Ang problema kung ‘yang pamilya na ‘yan, ‘yung asawa kasali sa 20 percent. So magsusugal ako ngayon. O para sigurado ang pera hindi masugal, hindi mag --- ibili ng alak. Kat*********. ‘Yan ang…

Alam mo sa totoo lang kung maharap mo ako, maniwala ka o hindi sapakin kita, totoo lang. Ngayon kung lumaban ka, pasensya ka.

Ganun talaga ako ‘pag may ibigay ako na pera tapos na… Pati ‘yung mga pulis mahuli ko mag-piyat-piyat diyan sa istasyon, tag-dalawang suntok ‘yan, maglilinya ‘yan. Akala mo ang yaman ninyo, nagsusugal kayo. Kulang na nga ang pera. Buti ngayon doblado na. Isugal pa ninyo. At saka ‘yang mga g***** pulis nasa sabongan lang palagi.

Wala na ngang pera para pang-pamilya, waldasin pa ninyo sa mga bagay ng inuman o sugal. Kaya sabi ko maabutan ko kayo, maniwala ka, itaga mo sa kung saan mo itaga ‘yan --- sa bato, sa tubig --- talagang sapakin kita.

Ngayon mag-away man tayo kasi masaktan ka, eh ‘di ikaw kung anong gusto mo. Buti ‘yang magkaintindihan tayo. Hindi ako napagtapang-tapangan. Lahat naman kayo matapang eh.

Hindi nga kayo natatakot na mahuli na nag-iinuman sa labas, nagsusugal. Kung ang tawag mo diyan kung hindi --- ano ‘yan kung hindi katapangan? So lahat tayo. Pero ‘yung inyo katapangan ninyo leche mga puro kayo ulol.

Itong… Kasi dito kasi na ‘yung assistance and kung kunin ng inyong asawa, huwag ninyong ibigay, at kung awayin kayo, hampasin na lang ninyo ng tubo tapos paalamin mo ako.

At saka ‘yung mamatay ngayon, sabi ko nga huwag kayong mamatay ngayon --- kayong mga matigas ang ulo --- kasi ‘pag namatay ka at nalaman ng gobyerno na positive ka o galing ka doon sa ospital, hindi na kailangan na-hospital ka, positive ka lang, kukunin ‘yung katawan ng patay mo sa ayaw mo’t sa hindi, eh that is to protect the greatest good for the greatest number.

So kukunin ‘yan, susunugin ‘yan. Sa ospital mamatay ‘yan, hindi ka man makaakyat doon, ikarga ng… Tapos ibaba doon sa morge tapos balutin, ikarga, tapos diretso na sa crematorium. Hindi mo na makita. Ni walang burol, bawal. Pagka COVID, bawal ang burol.

Ngayon kung malaman ‘yan, kukunin ‘yung patay sa harap ninyo. ‘Yung kabaong ibalik na lang sa inyo, ibalik mo doon sa punerarya kasi ‘yung katawan susunugin talaga ‘yan. Para talaga ‘yan sa lahat. The greatest good for the greatest number.

Gobyerno lahat. Hindi kayo makapili ng crematorium. The procedure as outlined by the Department of Health --- hindi sa amin --- masunod talaga.

Ito namang may-ari ng crematorium, may I ask you to maintain ‘yung presyo ng cremation before and ante --- ante quarantine. Ibig sabihin ‘yung presyo na wala pa tayong problema, ‘yon ang ibigay ninyo. Nakikiusap ako. Tutal negosyo ‘yan eh. Kumikita kayo ng pera na sinusunog ‘yung katawan.

So ngayon kung taasan ninyo ‘yung presyo tapos… Iiwan ko ‘yung patay diyan sa inyo. Magsabi, “O sunog. O magkano? O ito.” Tapos sabi ko huwag ninyong taasan. Taasan ninyo.

Tapos magsabi sila tawag sa akin, “Mayor, ayaw man, ganito ‘yung presyo nila.” O sige iiwan ‘yang patay diyan. Iwan ‘yan sa hagdanan nila. Bahala na sila niyan.

At saka itong hospital. Alam ko delikado. Alam ko in ordinary times, talagang unreasonable. But I said we have a crisis and it’s killing people.

Now ngayon, ‘pag sa pune --- sa ospital wala kayong kwarto na ano, na segregated for COVID patients because doon sa ibang hospital sa ninyo gustong dalhin, mahirap ‘yan.

You better --- pagka ganon, maghanap kayo ng kwarto diyan sa labas, ilagay ninyo ‘yung pasyente doon or bahala na kayo. It’s up to you to --- maybe, really --- ‘yung hatiin mo ‘yung isang ward tapos sarahan mo at institute the measures to protect the people including the health workers.

Nine hospitals ang nag-ano nag --- nagtanggi. [Mahirap kasi ito maghanap ka pa ng Tagalog.] Nine hospitals who refused to accept patients. And therefore, we are calling --- not after the COVID crisis --- but I’ll be asking today the Department of Health to start the investigation. And I’m sorry but, you know, there are rules to be followed.

When you begin to f*** the rules, ‘yan ang… Ganun talaga magkakaproblema tayo. Ospital kayo, you are the sanctuary of the sick. You do not choose the ailment of the patient you are accepting. It is not just --- simply not within your power morally. Kaya maghanap kayo ng paraan kung how to deal with the problem because you are a hospital.

But sabihin mo na papasukin mo mahawa lahat, then that’s a problem. You might want to --- to start asking questions, build a tent there somewhere, doon muna ilagay then you can determine. And I’m sure it --- it will not be unreasonable. You are also trying to protect everybody in the hospital, including the sick patients.

So I can understand. You can build a makeshift thing plus tent or what and you can do the investigation there at a distance. But whether or not it is really enough, that is your problem. You are a hospital.

So kung hindi mo kayang maging hospital, sasarahan na lang kita. Why pretend to be a hospital when you are not a hospital? Because you cannot choose the patients that you have to attend to medically. I hope I have made myself very clear on this.

Also for the doctors who take note of what happened to the patient because questions will be asked later and you will be in a position to answer correctly.

Iyong tao na hinuli. You have to --- I know that the police, military and everybody else for that matter just want also to enforce the law. But kung ‘yung tao naman na makita mo and you are satisfied with the explanation, kung nagdala ng carrots sa kung saan niya nakuha para ipakain sa pamilya, sabihin mo saan siya nakatira. And kung hindi na --- wala namang sakit, for the police to --- ipasa na lang. Kung taga-Tondo ganun, ihatid mo sa boundary. Tawagan mo ‘yung pulis doon na ihatid ninyo sa --- kasi nakatira siya diyan sa Tondo, kayo na ang maghatid.

And let the barangay captain know, inform him of the situation that there's a guy here, family --- who has not eaten for… Tulungan na lang natin.

I am sure if you bring this to the attention of the mayor, Mayor Moreno, and every mayor for that matter, nobody --- no mayor could ever also bear to see his constituents die --- die of hunger.

So I'd like to remind everybody that whatever we do here, there has to be a humanity in it. It's not just a question of enforcing the law. You have to take into account the humanity angle. So kaawa naman.

Kaunting tiis lang, sabi dito. Kaunting tiis nga. Ako mismo, sabi ko sa iyo tatlong birthday… Ang masakit sa akin kasi ang nagbawal sa akin mag-land ang anak ko.

So sa panahong ito kung ano 'yung pinapairal nila na batas, wala akong magawa. Because they are trying also to protect the people of Davao City. It might maybe a very noble gesture but it can sometimes be cruel because people from the outside cannot enter Davao.

Maybe you are allowed to leave. But to enter, wala na. Pati 'yung mga bus galing Bukidnon, North Davao, Del Sur, Occidental, a lot of those residents there, may mga anak, nag-aaral… Ang problema may lockdown.

And you know, I have to admit it. This thing about sequestration or quarantine is a cruel --- is a cruel action by the government.

Hindi madali ito. Pati ako nasasaktan. Problem is kung magdikit-dikit tayo ulit, palabasin ko kayo lahat, magsakay na naman kayo ng train, lalo na ngayon marami ng puntahan kasi ilang araw na nabara. Eh magdikit-dikit na naman tayo, isang ubo lang, haros 'yang…

Kasi kung hindi ko ni-lockdown ang Pilipinas, nako… Nakita mo 'yung mga bansa na, you know, hindi naman --- I don't know if it's… Kayabangan rin naman nila, ayaw.

But dito, tayo ang nauna sa Asia. Tayo talaga ang nauna sa Asia. Maybe, hindi naman ako nagyayabang, maybe because I was --- I was really --- talagang kinumpleto ko 'yung pagka-Mayor ko para maalagaan ko kayo.

Sorry I'm not --- I'm not given to the --- to use the word President. Kaya sabi nga nila, "Si Duterte hindi Presidente." Tama. Tama, hindi ako Presidente. Kung anong asta ko? Mayor. Bunganga ko, mayor. Lahat ng galaw ko, mayor lang ako. Ngayon kung may standard kung papaano gagalaw ang Presidente, wala pa akong nakita. Walang guideline paano magdamit, paano ma --- ma-swerte na.

Wala. Pero ito iyong… Ako 'yung si ako. Ako iyong… So hindi ako nananakot kasi wala naman akong… Nananakot ako na mahawa kayo kasi sigurado patay. Maski sa bahay. Iyong huwag lang kayong magkadikit-dikit palagi lawa --- lalo na may isa o dalawa lumabas.

Just try to keep a distance. Iyong ano naman na hindi kaagad… But most importantly actually is that you have a mask that is an effective thing. Huwag ‘yung mask na nakalaylay tapos makapasok ‘yung --- ‘yung binuga mo na virus o virus para maprotektahan mo na… Tiis ang ano diyan tiis.

Kalbaryo ito, actually. Ang --- ang nakita ko lang na tapos na ‘yung paghihirap nila --- niya, si Hesukristo. Kasi dumaan na ang Biyernes Santo, Sabado de Gloria. Sunday nabuhay na siya. Pero tayo parang patay ngayon. Ewan ko ba kung itong ating universe. Isa lang tayo sa billions doon na… Hindi ko talaga masabi kung bakit ganito ang nangyari sa atin.

Sa bahay mag-mask kayo. Siguro naman may namigay na ang... Pagka wala, maghintay kayo because talagang biglaan ito all over the world. Iyong kanilang patay is umaabot na ng 25, umaabot ng...

Araw-araw ang patay nila is... The other day sa America I think was 2,000? Mahirap talaga. Buti tayo ganito lang dahil nga sa...

Hindi akin 'yan ha. Baka sabihin mo, "napakahusay ni Duterte kasi nag-lockdown, nag..." Ang may sabi niyan 'yung mga doktor, hindi ako. Hindi akin itong social distancing --- itong distance rule. That's not mine.

Hintay lang kayo. Sabi ko 'pag nandiyan na 'yan bukas, may mga --- may mga ano na eh na... Iyong iba atat na atat na rin 'yung --- gusto nila ilabas 'yung kanila. Iyong kanila antibodies na. Wala ng proseso. Antibodies na 'yang iba.

Usually magkuha ka kasi ng doon sa patay, kunan mo ng dugo niya, i-inject mo doon sa kabayo. Iyong kabayo, kaya niya na ang ano, 'yon ang i-inject mo dahan-dahan sa kabayo rin.

Huwag naman bigla kasi magka-COVID talaga. Biktima 'yan. Dahan-dahan lang hanggang ma-immune. Kapag marami ng antibodies 'yung kabayo, doon na kunin 'yung maraming...

Dumaan na 'yan ng kabayo. Kagaya ng kagat ng ahas. Eh sa Mindanao maraming ahas. Pero hindi ko alam na ang karamihang cobra lumipat na dito. Ayan nakita mo nagdadaldal. Iyan ang mga cobra.

Walang ginawa kung hindi maghintay magkagat just to open --- just to --- just to be able to open her or his mouth. Para sabihin alam lahat. Kasi may mga tao diyan na ano sa Kongreso, lahat, na maski anong topic, may masasabi talaga.

Oo, ganoon 'yan eh. Magdagdag, magdagdag. Kaya ayaw magpaiwan. Kaya sabi ko, there will always be a time for reckoning. Pagdating ng eleksyon, sabihin ko sa inyo kung sino 'yung tao na dapat piliin. Mamili kayo ng...

Baka may next COVID. Nakikita mo naman kung sino-sino sila. Ano ang nagawa? Ito lang tanong ko: Dumaan na man kayo, ano ang nagawa ninyo para sa bayan? Iyan lang.

Kapag sinabi ninyo ako wala, okay wala. Eh kayo? What have you done for the country except to talk and criticize and talk? Pilipino naman nakikinig ka diyan sa mga... Nagbabasa ka diyan sa mga Facebook-Facebook.

Tapos pagdating ng panahon na magkamatayan ito lahat, bagsakan na, then you look to government for succor.

So 'yan lang ang maibigay ko sa inyo. Kung anuman inyong gusto, kwentuhan ko kayo sa anong gusto ninyong kwento. Wala nga. Not in the last generation, even during the war. Sabi nila, 'yung matatanda, ngayon lang talaga sila nagkaroon ng experience na ganito.

Tago tayo sa bahay. Sabi nga ng isang smart aleck, "Paano natin malabanan 'yang COVID, Mayor, kung nagtatago tayo sa bahay?" Correct ka. Iyon ang misteryo ng COVID. Nakatago ka na at gusto mong mag-away.

Ang awayin mo, magtago ka. ‘Di ba? Magtago ka dahil mahawa ka. Gusto mong labanan? O sige, labanan natin. Paano? Magtago ka. Ganun rin.

Ang China kasi nagsunod 'yung sa Hubei kung saan galing 'yung --- doon nag-umpisa itong contamination. Okay na. Nag-lockdown sila 59 days. Noong isang araw binuksan nila. Maligaya na sila. Eh sumunod eh. Kasi wala na silang positive, not one of --- not even one sa population.

So sunod lang tayo baka maganun rin ang mangyari para magpasalamat tayo.

Again, I said, I know it's hard. Alam mo sa totoo lang, gusto ko ng lumabas kay alam mo bakit? We are running low, low as in low 'yung ating supplies. Sabi ko nga eh we cannot feed you forever hanggang kamatayan.

Hindi ka naman mapagamot lahat kaagad-agad. Ilan lang ospital. Wala man akong hospital na libo eh kaya we had to go for 'yung --- 'yung namang --- 'yung makeshifts hospital for the numbers.

At 'yon namang mga may-ari ng mga buildings, mga hotels na who so generously gave --- offered, one day I will maybe go to you and thank you personally for helping us.

In the meantime, mga kababayan ko, kaunting panahon na lang. Kung may access kayo sa Internet, nandiyan lahat, inilalatag na nila kung ano.

So huwag na 'yung vaccine. Itong mga killer antibodies na lang. Kasi kung mabili 'yan in mass production, mabigyan ng quota ‘yung Pilipinas at supisyente, I will lift the...

Ang medisina lang kailangan ko. Vaccine, 2021. Mga... Kumbaga ito kung bacteria, antibiotic, penicillin, ganun. So pinapatay 'yan hindi dahil sa katawan natin kung hindi dahil sa injection.

Kaunting panahon na lang. Kaunting tiis na lang talaga. Nakikiusap ako. And besides, I said we are running low sa supply.

So we are negotiating again now if we can have --- we can borrow. Kasi 'yung may sabi na 500 million dollars, part of that really is to control COVID.

So mai-ano mo talaga 'yan. Hindi mo pwede gastusin 'yan sa infrastructure. It's intended just for the human being. So dadating rin 'yang panahon na 'yan.

In the fullness of God's time, the antibodies and the vaccines will come. Maraming salamat po.

--- END ---

Source: PCOO-PND (Presidential News Desk)